Keep Keiki Lead-Free

Programa ng Pag-iwas sa Pagkalason sa Lead ng mga Bata sa Hawaii

Panatilihing Ligtas ang Inyong Keiki mula sa Pagkalason sa Lead

Lead.Hawaii.gov
doh.lead@doh.hawaii.gov
(808) 733-9055



Ang **Lead (Tingga)** ay isang metal na nakalalason kapag pumasok sa ating mga katawan.

Sa pagsisimulang gumapang at maglakad ni keiki (“bata” sa wikang Hawayano), mas malamang na siya ay mahantad sa lead.

Ang batang keiki ay maaaring makaranas ng pagkalason sa lead mula sa mga pagmumulan sa **loob at labas ng bahay**.

Maging ang kaunting lead ay maaaring magdulot ng pinsala sa **pag-unlad at paglaki ng utak** ng inyong keiki.



Sa pagkalason sa lead, maaaring maging mahirap para kay keiki na matuto, magbuhos ng atensyon, at gumanap nang mabuti sa paaralan.

Bilang isang guro, natutunan ko na ang pagkalason sa lead ay maaaring isang dahilan kung bakit may mga problema ang ilang keiki sa pag-aaral.

Mahalagang makakuha ng tulong nang maaga hangga't maaari upang mabigyan si keiki ng pinakamabuting pagkakataon para magtagumpay.

Nakakaranas ng pagkalason sa lead si keiki sa pamamagitan ng paglunok ng lead.

Ang lead ay maaaring alikabok at piraso ng pintura sa mga mas lumang bahay.

Ang alikabok ng pintura ay ang malaking pinagmumulan ng pagkalason sa lead.



Maaaring malason si keiki sa pamamagitan ng **pagsubo ng mga bagay na may lead o alikabok ng lead**.

O **pagsubo ng kanilang mga daliri** pagkatapos mahawakan ang mga bagay na ito.

MAAARING MAS NANGANGANIB SI KEIKI KAPAG SIYA AY:

Regular na ginugugol ang panahon sa isang bahay o pasilidad ng pangangalaga na itinayo bago ang 1978.

Kumakain ng dumi, piraso ng pintura o mga bagay na hindi pagkain.

May magulang o tagapag-alagang nahantad sa lead, sa kanilang trabaho o gawaing panlibangan.



Kasama sa bahay o bumibisita sa bahay ng isang kapatid, kaibigan, o kapamilyang nahantad sa lead.



Nahantad sa mga bagay na naglalaman ng lead.

MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG LEAD

Mga Lumang Tubo ng Tubig o Nakapirming Instalasyon

Mga Alikabok o Piraso ng Lumang Pintura

Mga Trabaho at Gawaing Panlibangan

Lupa

Mga Fishing Sinker



Kagamitang Luwad at mga Pinggan

Mga Sinaunang Gamit at Lumang Muwebles



Alahas



Munisyon



Mga Vintage o Lumang Laruan



Mga Gamot sa Bahay, Pulbos na Pangseremonyas, Kosmetiko, at Espesya

Bilang isang doktor, sinasabi ko sa aking mga pasyente at kanilang pamilya na ang blood test (pagsusuri sa dugo) ang TANGING paraan upang malaman kung ang inyong anak ay nalason ng lead.

Karamihan sa mga keiki na may lead sa kanilang mga katawan ay **hindi mukha o kumikilos na parang may sakit.**

Dapat suriin ang keiki sa edad na 1 at 2 taon, at sa kalaunan kung hindi pa nasusurian.

Kung nakakuha ng insurance (segurong pangkalusugan) ang inyong anak mula sa QUEST, iniaatas ang pagsusuri at ito'y LIBRE. Saklaw ng karamihan sa iba pang mga plano ng insurance ang pagsusuri sa mura o libreng halaga.

Itanong sa health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ng inyong keiki ang tungkol sa blood test para sa lead. Dalhin ang booklet na ito kung nakakatulong ito sa pakikipag-usap sa kanila.

Masaya ako at ipina-blood test ni nanay ang kanyang keiki.

Nagawa ko silang ikonekta sa mabubuting mapagkukunan.

Kung mas maaga kayong makakahingi ng tulong para sa inyong keiki, mas higit silang matutulungan sa pag-aaral at habambuhay.

Dagdagan ang kaalaman sa **Lead.hawaii.gov.**

Keep Keiki Lead-Free

Hawaii State Department of Health

Hawaii Poison Center
POISON Help
1-800-222-1222

Programa ng Pag-iwas sa Pagkalason sa Lead ng mga Bata sa Hawaii
Lead.hawaii.gov
doh.lead@doh.hawaii.gov
Oktubre 2020